1

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Pagbuo nang Wasto at Payak na Pangungusap na may Tamang Ugnayan ng Simuno at Panaguri sa Pakikipag-usap

ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**IkalawangMarkahan – Modyul 4: Pagbuo nang wasto at Payak na Pangungusap na may Tamang Ugnayan ng Simuno at Panaguri sa Pakikipag-usap**
**Kompetensi: Nakabubuo nang Wasto at Payak na Pangungusap na may Ugnayan ng Simuno at Panaguri sa Pakikipag- usap**
**Competency Code: F1WG- IVi- j- 8**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176**na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon paman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Development Team of the Module**

**Authors:** Elsa P. Mandac

**Editor:** Fe G. Buccahan PhD, Felimendo M. Felipe

**Tagasuri :** Rozen D. Bernales
**Tagaguhit:** Elsa P. Mandac :
**Tagalapat:** Ronald T. Bergado:

**Tagapamahala:** Estela L. Carino EdD, CESO IV
Octavio V. Cabasag PhD
Rhoda T. Razon
Rizalino G. Caronan
Jorge G. Saddul, Sr.
Felimendo M. Felipe
Fe G. Buccahan PhD

**InilimbagsaPilipinas ng** ________________________
**Department of Education – Region 02**

**Telefax: (078) 304-3855Office Address:Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao**
**Telefax: (078) 304-3855**
**E-mail Address: region2@deped.gov.ph**

# 1

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Pagbuo nang Wasto at Payak na Pangungusap na may Tamang Ugnayan ng Simuno at Panaguri sa Pakikipag-usap

## Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 1_ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling_Pagbuo nang wasto at Payak na Pangungusap na may Tamang Ugnayan ng Simuno at Panaguri sa Pakikipag-usap

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino 1 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagbuo nang wasto at Payak na Pangungusap na may Tamang Ugnayan ng Simuno at Panaguri sa Pakikipag-usap

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |

| | |
|---|---|
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Ang modyul na ito ay ginawa para sa batang katulad mo na nasa unang baitang upang maisagawa ang Pagbuo nang wasto at Payak na Pangungusap na may Tamang Ugnayan ng Simuno at Panaguri sa Pakikipag-usap.

Ang modyul na ito ay tumutugon sa:

Pagbuo nang wasto at Payak na Pangungusap na may Tamang Ugnayan ng Simuno at Panaguri sa Pakikipag-usap.

Pagkatapos ng mga gawain sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Makabuo ng wasto at Payak na Pangungusap na may Tamang Ugnayan ng Simuno at Panaguri sa Pakikipag-usap.

## *Subukin*

Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Masayahing bata si Cora. Alin dito ang nagsasabi tungkol kay Cora?
   a. Masayahing bata b. bata c. Cora
2. Madalas magbakasyon sa Baguio ang pamilya ni Perla? Sino ang pinaguusapan sa pangungusap?
   a. Cora b. Perla c. zoila
3. Si Nilda ay mabait na bata. Ano ang tawag sa salitang may salungguhit ?
   a. salitang kilos b. simuno c. panaguri
4. Maraming bata ang naglalaro sa parke. Ano ang tawag sa salitang may salungguhit?
   a. Pangngalan b. simuno c. panaguri

## *Balikan*

Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.




1. Ang________ ay nagbabasa.

a. mga bata b. mga hayop c. mga halaman



2. Si Nilo ay ___________.

a. Nagbabasa b. sumasayaw c. umaawit



3. Ang mga bata ay ________

a. Naglalaro b. nagbabasa c. nagsusulat



4. Ang bata ay ________.

a. sumasayaw b. umaawit c. naglilinis

## *Tuklasin*

Basahin ang kwento

### Ang Batang si Nikko

Ni: Elsa P. Mandac

Mahilig maglaro sa silong ng puno si Nikko. Nakita niya na hinog na ang bunga ng abokado. Kaya inakyat niya ito upang kunin ang hinog na abokado . Biglang may kumagat sa kanyang leeg at ulo. Hinanap ni Nikko kung ano ang kumagat sa kanya. Nakita ni Nikko ang malaking bahay ng pukyutan.Bumaba siya at tumakbo nang matulin ngunit sinundan siya ng maraming pukyutan at kinagat ang buong katawan ni Nikko.






## Suriin

Sagutin ang mga sumusunod.

1. Sino ang mahilig maglaro sa silong ng puno?
   a. Nato    b. Nikko    c. Lito
2. Ano ang nakita ni Nikko habang naglalaro ?
   a. Hinog na abokado    c. hinog na manga
   b. Hinog na bayabas
3. Ano ang nangyari kay Nikko?
   a. Kinagat ng pukyutan    c. kinagat ng langgam
   b. Kinagat ng ahas
4. Bakit nagmamadaling bumaba si Nikko?

   ___________________________________________



## Pagyamanin

## Gawain 1

Bilugan ang simuno sa pangungusap

1. Ang mga magkakaibigan ay naligo sa ilog.
2. Ang mag-anak ay nagbakasyon sa Cavite.
3. Si Dr. Valdez ay isang manggagamot sa hayop.
4. Tahimik ang barangay Maligaya.
5. Maaasahang magbantay si Tagpi.


## Gawain 2

Salungguhitan ang panaguri.

1. Si Karen Davila ay magaling na tagapagbalita.
2. Matamis ang hinog na pinya.
3. Magaling na bata si Vincente.
4. Matibay ang puno ng Nara.
5. Magandang tignan ang malinis na paligid.

## Gawain 3


Bumuo ng pangungusap gamit ng larawan sa ibaba.



1. Ang Baka___________________________




2. _____________ magaling umawit.



3. Ang pato at ang mga inakay

____________________________________________________



4. Nagsususlat ___________________





5. Nagbabasa ____________________



## Isaisip

Ang ***simuno*** ay ang paksa o ang pinag-uusapan sa pangungusap.

Ang ***panaguri*** ay ang tumutukoy sa simuno o paksa.




## Isagawa

Sabihin kung anong bahagi ng pangungusap ang may salungguhit

1. Ang mundo ay napakaganda. (simuno, panaguri)
2. Si Maria ay masipag mag-aral. (simuno, panaguri)
3. **Nakakasilaw** ang sikat ng araw. (simuno, panaguri)
4. Si Mario ay malakas at makisig. (simuno, panaguri)


5. Laging kumain ng matamis **<u>si Jona</u>.** (simuno, panaguri)



## Tayain

Panuto: Tukuyin kung ang may guhit ay simuno o panaguri.

1. <u>Ang chef</u> ay nagluluto ng adobo.
2. Maliligo <u>kami</u> sa ilog.
3. Ang mga itlog ng pugo <u>ay maliliit</u>.
4. Malamig <u>ang panahon.</u>
5. Ang Pilipinas <u>ay binubuo ng maraming isla.</u>
6. <u>Mahina</u> ang huni ng maya.
7. <u>Si Ana</u> ay isang mananahi.
8. <u>Nagbibigay ng regalo</u> ang mga ninong at ninang tuwing Pasko.
9. Siya ay <u>isang mang-aawit</u>.
10. Napahanga ang mga tao sa proyekto <u>ni Christian.</u>



## Karagdagang Gawain

Gamitin sa pangungusap ang mga sumusunod na

salita .

1. malusog
2. naglinis sa paligid
3. nakababatang kapatid
4. nanay
5. lolo at lola

## Gawain 3

Ay mataba
______________(maglagay ng pangalan ng babae)
Ay nasa tabing ilog
Ang isang bata
Si___________________(maglagay ng pangalan ng lalaki)

## Isagawa

Simuno
Panaguri
Panaguri
Panaguri
Simuno

## Tayain Karagdagang gawain

Simuno
Panaguri
Panaguri
Panaguri
Panaguri
Simuno
Simuno
Panaguri
Panaguri
10.simuno

Susi ng Pagwawasto

Subukin

A 2. B 3. B 4. c

Balikan

A 2. A 3. A 4. B

Suriin

A 2. A 3. A

4. Dahil may bahay pukyutan at kinagat siya

Ng pukyutan.

**Gawain 1**

Mga magkakaibigan
Ang Mag- anak
Dr. Valdez
Barangay Maligaya
Si Tagpi

**Gawain 2**

Magaling na tagapagbalita
Matamis
Magaling na bata
Matibay
Magandang tignan